



INILABAS NA BALITA

ILALABAS KAAGAD: Pebrero 21, 2018

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Tom Flannigan, 415.749.4900

Maglalaan ang Air District (Distrito ng Hangin) ng \$3 milyon para sa proyekto ng Caltrain na paglalagay ng kuryente

SAN FRANCISCO – Ngayong araw, ang Lupon ng Mga Direktor ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay inaprubahan ang paglalaan ng \$3 milyong dolyar para suportahan ang pagpapalagay ng kuryente sa koridor ng Caltrain sa pagitan ng San Francisco at San Jose.

Noong 2015, nangako ang Air District na maggawad ng \$20 milyon sa proyekto sa limang taong panahon. Sa ngayon, ang mga inilaan ay kinabibilangan ng \$13 milyon noong 2016, \$3 milyon noong 2017 at \$3 milyon sa 2018.

“Kapag nakumpleto na, ang paglipat sa mga de-kuryenteng tren ay magdudulot ng kapakinabangan sa koridor ng Caltrain transit sa dalawang paraan,” ang sabi ni Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Air District. “Una, aalisin nito ang maruming inilalabas na diesel mula sa ruta ng tren at pangalawa, sa pamamagitan ng pagpapaganda sa bilis at bilang ng mga pasahero, ginagawa nitong mas magandang opsyon ang tren para sa marami, na babawas sa mas maraming kotse sa freeway.”

Ang paglipat sa mga de-kuryenteng tren ay magreresulta sa walang ilalabas sa lugar at babawasan ang paglabas ng mahigit sa 315 tonelada ng mga particulate na may kaugnayan sa diesel bawat taon sa mga nakapaligid na komunidad. Ang pagkakalantad sa inilalabas na diesel ay maaaring makairita sa mga mata, ilong, lalamunan at mga бага habang nag-aambag ito sa mas malubhang mga epekto sa kalusugan sa katagalan.

Kabilang sa iba pang mga benepisyong nauugnay sa paglalagay ng kuryente sa linya ng tren sa pagitan ng San Francisco at San Jose ang pagbawas ng mga greenhouse gas, nadagdagang dalas at bilis ng serbisyo ng tren, nabawasang ingay ng makina at nabawasang paninikip ng trapiko mula sa mga sasakyan sa US 101 at Interstate 280.

Inaasahang magsisimulang magpatakbo ng mga de-kuryenteng tren ang Caltrain bago ang tagsibol ng 2022.

Ang [Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area](#) ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

###